


# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikatlong Markahan – Modyul 3 Paggalang sa Buhay



ALTERNATIVE DELIVERY MODE  
**ADM**

**Edukasyon sa Pagpapakatao 10**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Ikatlong Markahan – Modyul 3: Paggalang sa Buhay**  
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban samodyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Vicenta C. Danigos  
**Editor:** Annie Rose B. Cayasen  
**Tagalapat:** Ivan Paul V. Damalerio  
**Tagapamahala:** May B. Eclar  
Benilda M. Daytaca  
Carmel F. Meris  
Rosita C. Agnasi  
Edgar H. Madlaing  
Rizalyn A. Guznian  
Sonia D. Dupagan  
Erlinda C. Quinuan  
Vicenta C. Danigos

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyong Pampangasiwaan ng Cordillera**

Office Address: Wangal, La Trinidad, Benguet

Telefax: (074)-422-4074

E-mail Address: car@deped.gov.ph

**10**

**Edukasyon sa  
Pagpapakatao**

**Ikatlong Markahan – Modyul 3  
Paggalang sa Buhay**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Ang buhay ay ang pinakadakila na biyaya sa atin ng Diyos. Sa tuwing paggising sa umaga araw-araw ay nararapat na sambitin natin ang malaking pasasalamat sa Kanyang kaloob. Tayo ay napakahalaga at napakamahal sa Diyos. Dahil dito, ang patuloy na pag-aaruga at pagpapaunlad sa kalusugan ng ating katawan ang maisusukli natin sa pagmamahal na ito.

Paano nga ba natin inaalagaan ang ating buhay? Ano ano ang batayan upang masabi na lahat ng ating ginagawa ay naaayon sa moral na pamantayan para pangalagaan ang bigay sa atin na buhay? Sa ating materyalistikong uri ng pamumuhay ay may hindi kaaya-ayang mga pangyayari na nagaganap o nagagawa ng isang tao na nagdudulot ng paglabag sa kasagraduhan ng buhay.

Tatalakayin sa modyul na ito ang ilan lamang sa mga gawaing maituturing na paglabag sa paggalang sa buhay. Bakit paglabag? Ang mga ito ba ay sinasadya na ginagawa? Wala bang ibang paraan na pagpipilian ng tao maliban sa pagkitil ng buhay? Kailangan o sapilitan ba na gawin ang mga ito o hindi na kailangan? Ito ay ilan lamang sa mga katanungan na bibigyang-pansin sa kagamitang pagkatuto na ito.

Inaasahang pagkatapos mong magawa ang mga gawain sa modyul na ito, maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

1. Natutukoy ang mga paglabag sa paggalang sa buhay (MELC 10.1)
2. Nasusuri ang mga paglabag sa paggalang sa buhay (MELC 10.2)



## ***Subukin***

**Panuto:** Basahin at unawain ang sumusunod na aytem at piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel. papel.

### **A. Pagtutukoy**

suicide	paggamit ng droga
	alkoholismo
euthanasia	aborsiyon

- \_\_\_\_\_ 1. Ang sinasadya o sapilitang pagkitil ng buhay sa sinapupunan.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang gawaing nakakasira sa ating atay na kung hindi maagapan ay magiging kanser sa atay.
- \_\_\_\_\_ 3. Nagdudulot ito ng negatibong epekto na maaaring kinabibilangan ng balisang pagtulog, sobrang kalikutan, pagkaduwal, delusyon sa kapangyarihan, napatinding pagka-agresibo at pagiging iritable.
- \_\_\_\_\_ 4. Isang uri ng pagpatay sa sarili na isinasagawa sa iba't-ibang paraan. Bukod sa labag sa utos ng Panginoon, ito ay mag-iiwan ng malaking dagok sa pamilya.
- \_\_\_\_\_ 5. Ito ay paraan ng pagpatay sa sarili sa tulong ng ibang tao, o ayon sa kagustuhan ng isang pasyente upang wakasan ang nararamdamang sakit sa katawan, o sakit na nakakamatay o wala ng lunas.

**B. Sanhi-pekto relasyon.** Suriin ang mga pares na aytem at isulat sa patlang na nakalaan kung ano ang maibibigay nito na sakit o masamang epekto sa tao na sa huli ay hahantong sa paglabag sa paggalang ng buhay. Palagi mong isaisip na lahat ng kulang o sobra ay masama ang dulot.

6. napakataas na lebel ng asukal sa dugo: diyabetis; alak: \_\_\_\_\_
7. pagtaas ng dugo: hypertension; sigarilyo: \_\_\_\_\_
8. bawal na gamot: sakit sa isip at katawan; shabu: \_\_\_\_\_
9. walang ehersisyo: sakit ng katawan; pag-inom ng lason: \_\_\_\_\_
10. euthanasia: paglabag sa karapatan ng may sakit; aborsyon: \_\_\_\_\_

**C. Pagbibigay.** Magbigay ng lima (5) na napapansin o nakikita mo na ginagawa ng mga tao na maituturing na paglabag sa paggalang ng buhay.

11. \_\_\_\_\_
12. \_\_\_\_\_
13. \_\_\_\_\_
14. \_\_\_\_\_
15. \_\_\_\_\_

## Aralin

# 1

# Paggalang Sa Buhay



## Balikan

Ilang pagpapahalaga na ating natutunan sa mga nakaraang modyul ang konsepto ng tunay na kahulugan ng kalayaan, moral na layunin, sirkumstansiya ng ating kilos. At bago natin ito iwanan para pag-usapan ang bagong aralin, sagutin muna natin ang mga tanong na sumusunod:

1. Ano nga ba ang tunay na kahulugan ng kalayaan?
2. Ang karapatang pumili ba ay mahalaga na salik ng kalayaan? Bakit?
3. Paano maituturing na moral na kilos ang isang gawain?



## Tuklasin

### GAWAIN 1: Talarawan

**Panuto:** Pagmasdan ang mga guhit na naibigay at ilarawan mo ito. Isulat ang sagot mo sa iyong sagutang papel.



<https://www.aao.org/eye-health/tips-prevention/smokers>



<https://www.pexels.com/photo/crop-person-pouring-alcohol-into-glass-with-petals-5947113/>



Lunamarina;  
<https://www.dreamstime.com/royalty-free-stock-photo-gun-pills-two-options-to-suicide-image8711965>, accessed January 22, 2021



Natallia Ploskaya;  
<https://www.dreamstime.com/rope-hand-holding-pills-glass-alcohol-vodka-wooden-background-suicide-running-knot-rope-hand-holding-pills-image194933640>, accessed January 22, 2021

## **PAMPROSESONG KATANUNGAN:**

1. Ano ang mga larawan na mga ito?

---

2. Nangyayari ba ang mga ito sa inyong komunidad? Bakit kaya?

---

3. Anong karapatan ng tao ay nalabag ng mga gawaing ito?

---



### ***Mga Tala para sa Guro***

Kaugnay ng tunay ng kalayaan sa pagpili ay ang paggalang sa buhay. Ang sinuman sa atin ay binigyan ng karapatang mamili kaya ang paggawa ng nakakasira sa ating buhay ay naka depende sa gusto natin na gawin. Tandaan na ang mabuhay ay karapatan at isang biyaya ng Diyos.



## ***Suriin***

### **MGA ISYU TUNGKOL SA PAGLABAG NG PAGGALANG SA BUHAY**

#### **❖ Ang paggamit ng Ipinagbabawal na Gamot – Droga**

Ayon kay Agapay noong 2007 ang katagang “High on Drugs” ay isang estadong pysical o sikiko (psychic) na kung saan ang tao ay naka depende sa gamot dahil sa paulit-ulit na paggamit na hindi kailangang medical.

Dahil sa paggamit ng droga na nagdudulot ng mga masasamang epekto, ang tao ay maaaring gumawa ng krimen dahil hindi siya makapag isip ng husto.

Ang nakakalungkot ngayon ay karamihan ng mga naaapektuhan o nag sisimula sa droga ay mga kabataan. Maaaring dahilan sa pagpamit ng ipinagbabawal na gamot ay ang problema sa pamilya, kagustuhang subukin ang epekto sa sarili, makalimutan ang kinahihiyan o ang nakaraan, o anumang kadahilanan. Ang



paggamit ng droga ay nakakaapekto sa tamang pag-iisip na pwedeng makagawa ng masama sa sarili, kapwa, pamilya, kaibigan, o sino man.

## ❖ **Alkoholismo at Paninigarilyo**

Ang alkoholismo at paninigarilyo ay maitutulad din lang sa paggamit ng droga, na kung paulit-ulit ay magiging depende na nito. Ang magiging kaisipan niya ay nakadepende ang buhay niya sa alak at sigarilyo. Ngunit tama bang ito ay ang bubuhay sa kanya? Tandaan natin na ang alak at sigarilyo ay may masamang dulot sa ating katawan at pag tatagal ay magiging malubhang sakit kagaya ng kanser sa atay at kanser (liver cancer) sa baga (lung cancer).

Ilang epekto ng alkoholismo ay maaari itong makaapekto sa pag-iisip ng tao, tulad lang ng dahas na pananalita, madaling magalit, nahihilo at kung ano ano pa, maaari rin itong sumira ng mga pamilya, barkada at kakilala dahil may pagkakataon na pwede kang maging abusado o palalo.

## ❖ **Aborsiyon**

Ang aborsiyon o pagpapalaglag ay tumutukoy sa pag-alis ng *fetus* o sanggol sa sinapupunan ng ina. Ito ay isa mga paglabag na kume-kwestiyon sa moral na integridad ng tao. Ayon kay Agapay noong 2007, ang aborsiyon ay “itinuturing na krimen dito sa Pilipinas”.

Ang tanong sa aborsiyon kung tama ba nga o mali ito ay nahati sa dalawang panig: Ang Pro-Life at Pro-Choice

Ang mga taong parte ng **Pro-Life** ay nagsasabing masama ang aborsiyon sapagkat mula nang ipaglihi ito ng kanyang ina, siya ay tao na kaya ang paglaglag o pag-abort sa sanggol ay isang aksiyon ng pagpatay. Sabi rin nila na kung ang ina ay nabuntis dahil hindi sila nag-ingat ng kaniyang nobyo o kasintahan, dapat pa rin nilang pangatwiran ang nangyari. Tungkulin nila bilang magulang na alagaan ang kapakanan ng bata. Ito ay dahil sa bawat sanggol o anak ay may karapatang mabuhay.

Sinasabi naman ng **Pro-Choice** na ang mga magulang ay gusto at pwedeng magka-anak kung sila ay may kakayahang alagaan at mahal in ang kanilang magiging mga anak. Sa mga ina naman na ang dahilan ng pagkabuntis ay *rape*, moral na kilos pa rin na buhayin ang sanggol na kanyang dinadala dahil ang sanggol ay may karapatang mabuhay. Ang ating pamahalaan ay may ahensiya na tumutulong sa mga biktima ng *rape*. Mayroong bahay-ampunan na maaaring pagdalhan sa bata kung hindi kaya ng ina na alagaan ang bata.

## **Dalawang Uri ng Aborsiyon**

- **Kusa (Miscarriage)** – Aborsiyon na natural na nangyari at walang anumang prosesong naganap at kadalasang nangyayari sa mga magulang na hindi kaya ng katawan o may sakit ang dinadala.
- **Sapilitan (Induced)** – Aborsiyon na dumaaan sa proseso – opera man o gamot - na kung saan ginusto ng ina ang pangyayari.

## **❖ Pagpapatiwakal – Suicide**

Ang pagpapatiwakal o suicide ay ang pagkitil ng isang tao sa kaniyang sariling buhay sa kung ano ano mang paraan. May ibang kabataan na dumadaan sa depresyon o malubhang kalungkutan ang gumagawa nito.


Ang mga taong nagpapatiwakal ay mga taong nawalan na ng pag-asa o ang nararamdaman nila ay wala silang halaga. Sabi ni E. Morato noong 2012 sa kaniyang aklat na *Self-Mastery*, upang hindi mawalan ng pag-asa ang tao ay dapat na mag-isip ng paraan upang harapin ang mga problema. Sapagkat ang pagpapanatili ng isang problema ay maaring magdulot ng kawalan ng tiwala sa sarili. Ang pagharap sa problema at paghanap kung paano ito mapagtagumpayan ay makakadagdag ng tiwala sa sarili.

Maraming paraan kung paano puwedeng masolusyonan ang kalungkutan o depresyon. Maaaring magdasal sa Diyos, magsabi sa isang taong pinagkakatiwalaan kagaya ng magulang, ibang nakakatanda at kaibigan, tumulong sa kapwa o lipunan, maghanap ng ikakasaya at iba pa. Kung hindi pa ito masolusyunan ay maaaring kumunsulta sa mga Guidance Counselors, Psychologists o Psychiatrists. May listahan ang Department of Health ng mga ahensiya ng pamahalaan na maaaring lapitan ukol dito. Hindi dapat mahiya ang isang mag-aaral na maghanap ng tulong para dito.

## **❖ Euthanasia (Mercy Killing)**

Ang Euthanasia ay prosesong nagpapadali sa pagkamatay ng isang tao (paggamit ng gamot o medisina) na kinakailangang gawin ng mga doktor upang hindi na magdusa pa ang pasyente o sinabi ng pasyente mismo na ito ang kanilang gagawin. Sa ibang salita ito ay “assisted suicide” o pagkitil sa sariling buhay na kung saan ginusto ng pasyente ang pangyayari.


Ang Euthanasia ay kumekwestiyon din sa moral na integridad ng isang tao sapagkat ito rin ay pagkitil sa isang buhay. Ito ay isang uri ng krimen kahit hiling ng pasyente o ng pamilya. Ang paghihirap ay natural na kundisyon sa mundo at ang pagkalinga sa may sakit ay isang banal na gawain. Ang pagpatay, lalo pa ng mga walang lakas na ipagtanggol ang kanilang buhay ito ay hindi angkop sa plano ng Diyos.



## Pagyamanin

### GAWAIN 2: Pagsusuri sa lipunan

**Panuto:** Buuin ang web ng pagsusuri ng mga gawaing nakalalabag sa paggalang ng buhay. Gawing batayan ang nasagutan na bilog.



**GAWAIN 3: Pagbibigay payo!**

**Panuto:** Mula sa nabasa mo sa Suriin Punan mo ang hinihingi ng Hanay A at mga kaukulang kilos o payo na pwede mong maitulong sa Hanay B.

Mga paglabag sa buhay	Mga payo
Paninigariyo na nagdudulot ng kanser sa бага	
euthanasia (mercy killing)	
Aborsiyon, siya ay biktima ng rape	
alkoholismo	
Paggamit ng ipinag-babawal na gamot/droga	

Rubric para sa pagbibigay ng puntos sa Gawain 3

10 napakahusay	8 mahusay	6 Hindi mahusay
<p>Ang sagot sa kabuuan ay naipapaliwanag nang lubos at kaaya-aya, kayang gawin ninuman, lubos na nagpapakita ng pagmamahal, paglilingkod, malayang desisyon at may kaakibat na responsibilidad</p>	<p>Ang sagot ay naipapaliwanag at kaaya-aya, kayang gawin ninuman, nagpapakita ng pagmamahal, paglilingkod, malayang desisyon at may kaakibat na responsibilidad</p>	<p>Ang sagot ay hindi kaaya-aya, pili ang pwedeng gagawa, hindi lubos na nagpapakita ng pagmamahal paglilingkod, bunga ng sapilitang desisyon at walang kaakibat na responsibilidad</p>

**GAWAIN 4: Suriin mo**

**Panuto:** Suriin mo ang sitwasyon na nakasulat sa kahon at pagkatapos ay ibigay mo kung anong paglabag sa buhay ito.

<p>Si Carolina ay nabalitang namatay dulot ng pagkitil ng sariling buhay.</p>	<p>Tawag dito ay</p> <hr/>
<p>Mula pa noong nasa sekondarya si Manuelo ay natuto na itong maglasing. Ilang ulit na rin siyang napagalitan sa opisina ng Prinsipal dahil dito. Ngayon ay mahigit na siyang 50 gulang. Nasa ospital dahil may kanser siya sa atay.</p>	<p>Tawag dito ay</p> <hr/>
<p>Dahil sa sakit na nararamdaman, kawalan ng pag-asa na gumaling, at walang pambayad sa ospital, pinatawag ni Manuelo ang kanyang Doktor upang siya ay bigyan na lamang ng gamot upang tahimik na lamang na lisanin niya ang mundo. Hindi siya binigyan ng doctor.</p>	<p>Tawag sa hiling ni Manuelo ay</p> <hr/>
<p>Sa impluwensiya ng barkada natuto si Diego na manigarilyo at naging adik sa paggamit ng marijuana at shabu. Ang naging resulta nito ay naging abusado siya sa asawa at anak na nagdulot ng pag-iwan sa kanya ng mga ito.</p>	<p>Tawag sa nangyari kay Diego ay</p> <hr/>



## **Isaisip**

**Panuto:** Punan ng salita o grupo ng salita ang mga patlang upang mabuo ang kaisipan o konsepto na natutunan mo sa aralin.

1. Ang \_\_\_\_\_ ay mahalaga. Ito ay dakilang biyaya na bigay sa atin ng \_\_\_\_\_.
2. Kaya nararapat lamang na alagaan natin ang ating sarili. Iwasan ang mga \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_.
3. Kung ikaw ay nababalisa, mabuting gumawa ng paraan tulad ng \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_ upang maibsan ang lungkot na nararamdaman o masamang iniisip.



### **Mga Tala para sa Guro**

Tandaan mo lagi na tayo ay mayroong iisa lamang na buhay dito sa mundo. Ayon nga kay Stephen Grellet (Wikiquote, 2021) “Minsan lamang ako dadaan sa mundong ibabaw, kung ano man ang kabutihang kaya kong gawin sa aking kapwa ay gawin ko na ngayon dahil hindi na muli ako dadaan sa mundong ito.”





## Isagawa

**Panuto:** MUKHA NG BUHAY: Suriin ang buhay kung ano ang mukha nito dahil sa walang pakundangang paglabag sa kadakilaan nito. Isulat ang hinihiling ng bawat mukha. Magbigay ng lima (5) na siyang pinakamababang bilang o higit pa.

Mukha ng buhay na siya ay iginagalang, hindi siya adik sa sigarilyo, alak, droga, hindi biktima ng aborsiyon

➔





➔

Mukha ng buhay na hindi siya iginagalang, adik siya sa sigarilyo, alak, droga at biktima siya ng aborsiyon

Rubric sa pagbibigay ng puntos sa Gawain 4

<b>5</b> napakahusay	<b>4</b> mahusay	<b>3</b> Hindi mahusay
Ang lahat na sagot ay orihinal, nagbibigay at kapupulutan ng aral, sumasakop sa pagbibigay galang sa buhay.	May isang sagot na hindi orihinal, nagbibigay at kapupulutan ng aral, sumasakop sa pagbibigay galang sa buhay.	May mahigit na dalawang sagot na hindi orihinal na, nagbibigay at kapupulutan ng aral, lubos na sumasakop sa pagbibigay galang sa buhay.



## Tayahin

**Panuto:** Basahin at unawain ang sumusunod na mga aytem at sagutin nang buong husay at tama. Isulat ang mga sagot sa iyong sagutang papel.

### I. Pagbibigay

A. Ibigay ang dalawang (2) uri ng aborsiyon

1. \_\_\_\_\_

2. \_\_\_\_\_

B. Ibigay ang dalawang (2) panig ng aborsiyon

3. \_\_\_\_\_

4. \_\_\_\_\_

C. Ano ang pagkakaiba ng sagot mo sa bilang 1 – 4?

5. \_\_\_\_\_

### II. Pagtutukoy

paninigarilyo	paggamit ng droga
suicide	
euthanasia	aborsiyon

- \_\_\_\_\_ 6. Isang uri ng pagpatay sa sarili na isinasagawa sa iba't-ibang paraa. Ito ay labag sa ikalimang utos ng ating panginoon
- \_\_\_\_\_ 7. Ang gawaing nakakasira sa ating baga na kung hindi maagapan ay magiging kanser sa baga.
- \_\_\_\_\_ 8. Nagdudulot ito ng negatibong epekto na maaaring kinabibilangan ng balisang pagtulog, sobrang kalikutan, pagkaduwal, delusyon sa kapangyarihan, napatinding pagka-agresibo at pagiging iritable.
- \_\_\_\_\_ 9. Ang sinasadya o sapilitang pagkitil ng buhay sa sinapupunan
- \_\_\_\_\_ 10. Ito ay paraan ng pagpatay sa sarili sa tulong ng ibang tao, o ayon sa kagustuhan ng isang pasyente upang wakasan ang nararamdamang sakit sa katawan, o sakit na nakakamatay o wala ng lunas.



**III. Sanhi-eppekto relasyon.** Suriin ang mga pares na aytem at isulat sa patlang na nakalaan kung ano ang maibibigay nito na sakit o masamang epekto sa tao na sa huli ay hahantong sa paglabag sa paggalang ng buhay. Palagi mong isaisip na lahat ng kulang o sobra ay masama ang dulot.

1. napakataas na lebel ng asukal sa dugo: diyabetis; alak: \_\_\_\_\_
2. pagtaas ng dugo: hypertension; sigarilyo: \_\_\_\_\_
3. bawal na gamot: sakit sa isip at katawan; shabu: \_\_\_\_\_
4. walang ehersisyo: sakit ng katawan; pag-inom ng lason: \_\_\_\_\_
5. mercy killing: paglabag sa karapatan ng may sakit; aborsyon: \_\_\_\_\_



## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Balikan ang konsepto ng aralin at mag-isip ng isang pagninilay na gawaing pasulat. Maaaring tula, awit, *slogan* o *poster*. Ang tema na gagawin sa napiling gawain ay kung paano mo maipapakita ang paggalang sa buhay. Halimbawa: sa pamamagitan ng poster, ipakita mo dito ang pagtaguyod o pagpapanatili sa kadakilaan ng buhay. Gawin ito sa isang buong *bond paper* at idagdag mo sa *portfolio* mo.

### Pamantayan sa pagbibigay ng iskor

Batayan	Napakahusay (10)	Mahusay (8)	Katamtaman (6)	Kailangan pang Magsanay (4)
May kaisahan at malinaw ang mga kaisipang nailahad. Ito ay orihinal na likha.				
Angkop na angkop ang mga kaisipan at disenyo sa konsepto at nakakapukaw ng interes para manatili ang paggalang sa buhay.				
Lubhang malinis at maayos ang pagkasulat ng mga konsepto.				



## Susi sa Pagwawasto

<b>Gawain 4</b> 1. suicide 2. alkoholismo 3. mercy killing / euthanasia 4. paggamit ng droga
--

<b>Tayahin</b> 1. kusa (miscarriage) 2. sapilitan 3. pro-life 4. pro-choice 5. sapilitan at kusa 6. suicide 7. paninigarilyo 8. paggamit ng droga 9. Aborsiyon 10. mercy killing/euthanasia 11. sakit sa atay/kanser sa atay 12. sakit sa baga/kanser sa baga 13. adiksiyon 14. kamatayan 15. paglabag sa karapatan ng sanggol na mabuhay
--

<b>Subukin</b> 1. aborsiyon 2. alkoholismo 3. paggamit ng droga 4. suicide 5. euthanasia/mercy killing 6. sakit sa atay/kanser sa atay 7. sakit sa baga/kanser sa baga 8. adiksiyon 9. kamatayan 10. paglabag sa karapatan ng sanggol na mabuhay 11. alkoholismo 12. paninigarilyo 13. suicide 14. euthanasia/mercy killing 15. paggamit ng droga
--

Rubrik sa pagbibigay ng puntos sa Karagdagang gawain

<b>15</b> Napakahusay	<b>12</b> Mahusay	<b>10</b> Hindi mahusay
Ang sagot sa kabuuan ay naipapaliwanag nang lubos at kaaya-aya/masining, kayang gawin ninuman, lubos na nagpapakita ng pagmamahal, paglilingkod, malayang desisyon at may kaakibat na responsibilidad.	Ang sagot ay naipapaliwanag at kaaya-aya/masining, kayang gawin ninuman, nagpapakita ng pagmamahal, paglilingkod, malayang desisyon at may kaakibat na responsibilidad.	Ang sagot ay hindi gaanong kaaya-aya/masining, pili ang pwedeng gagawa, hindi lubos na nagpapakita ng pagmamahal, paglilingkod, sapilitang desisyon at walang kaakibat na responsibilidad.

## ***Sanggunian:***

Edukasyon sa Pagpapakatao 10, Modyul para sa mga mag-aaral; Modyul 13: Ang Kahalagahan ng Buhay, pahina 254-275.

Morato, E. Jr. (2012). Self-Mastery. <http://www.eBookIt.com>

Agapay, R. (2007). Ethics and the Filipino: A Manual on Morals for Students and Educators. National Book Store.

Wikiquote (2021). Stephen Grellet. Retrieved from [https://en.wikiquote.org/wiki/Stephen\\_Grellet](https://en.wikiquote.org/wiki/Stephen_Grellet)

### **Mga guhit/larawan mula sa internet**

Boyd, K. (2020). Smoking and Eye Disease: American Academy of Ophthalmology; <https://www.aao.org/eye-health/tips-prevention/smokers> Accessed January 22, 2021

Charlotte May, <https://www.pexels.com/photo/crop-person-pouring-alcohol-into-glass-with-petals-5947113/>, accessed January 22, 2021

Lunamarina; <https://www.dreamstime.com/royalty-free-stock-photo-gun-pills-two-options-to-suicide-image8711965>, accessed January 22, 2021

Natallia Ploskaya; <https://www.dreamstime.com/rope-hand-holding-pills-glass-alcohol-vodka-wooden-background-suicide-running-knot-rope-hand-holding-pills-image194933640>, accessed January 22, 2021

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)